

# Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho sa Ontario

Ang Batas para sa Pamantayan sa Pagtatrabaho, 2000 (ESA) ay nagsasaayos ng pinakamababang mga pamantayan para sa karamihan ng mga pinagtatrabahuhan sa Ontario. Ang natatanging mga patakaran at mga eksepsyon ay maaari para sa naturingang mga manggagawa.

## Ang kailangan ninyong malaman

Ang mga nagpapatrabaho ay pinagbabawalan sa pagpaparusa ng mga manggagawa sa anumang paraan sa pagsasanay ng mga karapatang ESA.

**Mga Oras ng Trabaho at ng Pagkain:** May mga limitasyon sa pang-araw-araw at linggo-linggo sa mga oras ng trabaho. Ang mga Manggagawa ay maaaring magtrabaho ng matagalan kung nakamit ang partikular na mga kondisyon. Ang mga manggagawa ay hindi dapat magtrabaho ng matagal pa sa 5 oras na magkakasunod ng walang 30-minutong pahinga para sa pagkain. Alamin pa ang mga karagdagang impormasyona mula sa [Ontario.ca/hoursofwork](http://Ontario.ca/hoursofwork).

**Kabayaran sa Obertaym:** Ang obertaym ay binabayaran pagkalampas ng 44 oras ng trabaho sa isang linggo para sa karamihan ng mga trabaho. Hangga't maaari, ang bayad sa obertaym ay kailangang 11/2 kalkulasyon ng regular na bayad.

**Pinakamababang Sahod:** Karamihan sa mga manggagawa ay may karapatang tumanggap ng kabayaran na pinakamababang sahod hangga't maaari. Para sa kasalukuyang mga kabayaran, bumisita sa [Ontario.ca/minimumwage](http://Ontario.ca/minimumwage).

**Araw ng Sahod:** Ang mga manggagawa ay narapat lamang na bayaran sa regular na araw ng sahod at tumanggap ng ulat ng kinita.

**Panahon at Kabayaran ng Bakasyon:** Karamihan sa mga manggagawa ay maaaring nakakaipon ng 2 linggo ng bakasyon pagkatapos ng bawa't ika-12 ng buwan. Kailangan silang mabayaran ng hangga't maaari 4% ng kabuuang sahod na kanilang kinita bilang kabayaran ng bakasyon.

**Pampublikong Piyesta Opisyal:** Ang Ontario ay mayroong 9 na mga pampublikong piyesta opisyal sa bawa't taon. Karamihan sa mga manggagawa ay may karapatang lumiban sa trabaho sa mga araw na ito at mabayaran ng wastong kabayaran para sa pampublikong piyesta opisyal.

**Pinahintulutang mga Pagliban:** May mga bilang ng protektadong trabaho para sa walang bayad na pinahintulutang mga pagliban, kabilang na ang pagbubuntis, pangmagulang, tagapag-alaga ng pamilya, at pampersonal na emerhensyang pagliban.

**Paunawa at Kabayaran sa Pagpapaalis:** Karamihan sa mga sitwasyon, ang mga nagpapatrabaho ay kailangang magbigay ng paunang nakasulat na paunawa kung magpapaalis sa trabaho at/o kabayaran sa pagpapaalis sa halip na paunawa. Alamin pa ang mga karagdagang impormasyon mula sa [Ontario.ca/terminationofemployment](http://Ontario.ca/terminationofemployment).

**Iba pang mga Karapatang ESA at Natatanging mga Patakaran:** May iba pang mga karapatan gayun din ang natatanging mga patakaran na hindi nakalista sa paskil na ito kabilang na ang mga karapatan sa kabayaran para sa pagkawala ng trabaho at natatanging mga patakaran para sa mga manggagawa na itinalaga bilang pansamantalang tulong mula sa mga ahensya.

### Sumangguni sa Ministri ng Paggawa para sa karagdagang mga impormasyon

Tumawag sa amin sa 416-326-7160, 1-800-531-5551 o sa TTY 1-866-567-8893, o bumisita sa aming website sa [Ontario.ca/employmentstandards](http://Ontario.ca/employmentstandards). Ang mga impormasyon ay nakalaan sa maraming mga wika.